HEALTH CARE CONNECT

Tumutulong sa inyo na makahanap ng isang doktor ng pamilya o nanggagamot na nars

ontario.ca/healthcareconnect

Ang Health Care Connect ay tumutulong sa mga taong walang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na makahanap nito.

Paano tumutulong ang Health Care Connect na suportahan ang inyong paghahanap ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya?

Ang Health Care Connect ay isang programang tutulong sa mga taong walang palagiang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na makahanap nito sa kanilang komunidad. Kinikalala ng programa ang mga doktor o nanggagamot na nars na tumatanggap ng mga pasyente at iniuugnay sila sa mga taong nangangailangan ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya.

Paano sasama sa programa

Ang pagpaparehistro para sa Health Care Connect ay madali. Kapag tumawag kayo sa 1-800-445-1822 makakausap ninyo ang isang taong magtatanong sa inyo ng maikling serye ng mga tanong at itatala kayo para sa programa. Maaari rin kayong magpatala online sa **ontario.ca/healthcareconnect**

Ang Health Care Connect ay nagbibigay ng priyoridad sa mga nangangailangan ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya

Ang priyoridad ay ibinigay sa mga taong mas mas malaking mga pangangailangan sa kalusugan.

Kayo ay isasangguni sa isang doktor ng pamilya o nanggagamot na nars sa inyong komunidad sa sandaling may mahanap.

Ang Health Care Connect ay narito upang tulungan kayo, Pero dapat na ipagpatuloy ang sariling paghahanap ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa Health Care Connect

• Ang Health Care Connect ay tumutulong sa inyo sa inyong paghahanap ng isang doktor ng pamilya o nanggagamot na nars.

• Ito ay hindi gumagarantiya na may mahahanap, kaya dapat pa ring magpatuloy kayo sa sarili ninyong paghahanap

• Dapat kayong magkaroon ng numero ng OHIP.

Ang isang Tagapag-ugnay ng Pangangalaga ay sumusuporta sa inyong paghahanap ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya

Kapag nakasapi na kayo sa Health Care Connect, ang isang nars, tinatawag na Tagapag-ugnay ng Pangangalaga, ay itatalaga sa inyo upang tumulong na humanap ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa inyong lugar.

Inyong Tagapag-ugnay ng Pangangalaga at Kayo
Tiyakin na makausap ang inyong Tagagpag-ugnay ng Pangangalaga kung ang inyong impormasyon tungkol sa matatawagan o kalusugan ay nagbago.

Kailangan ba ninyo ng isang doktor na pamilya o nanggagamot na nars? Tumawag sa 1-800-445-1822 o bisitahin ang ontario.ca/healthcareconnect

Tagalog – Health Care Connect Cat# 012552 Revised December 2010 © Queen's Printer for Ontario

Ontario